PINOPROTEKTAHAN NG BATAS NA ITO ANG MGA SAKLAW NA MANGGAGAWANG APP-BASED ANUMAN ANG KANILANG KATAYUAN SA IMIGRASYON.

DAPAT SUMUNOD SA BATAS NA ITO ANG MGA SAKLAW NA NETWORK COMPANY. LABAG SA BATAS ANG MAGHIGANTI. MAY BISA SA ENERO 1, 2025.

Seattle Office of Labor Standards

Ordinansa sa Mga Karapatan sa Pag-deactivate ng Manggagawang App-Based (App-Based Worker Deactivation Rights (ABWDR) Ordinance)

SMC 8.40 2025 Abiso ukol sa Mga Karapatan

May bisa sa Enero 1, 2025

SUMASAKLAW ITO SA IYO KUNG:

- Sa hindi bababa sa 25% ng iyong mga natapos na alok at/o alok na kinansela mo nang may dahilan sa 180 araw bago ang pag-deactivate, may mga serbisyong kinailangang gampanan sa Seattle para sa isang saklaw na network company; **o**
- May kinalaman ang pag-deactivate sa iyo sa isang insidente o mga insidenteng nangyari habang may ginagampanan kang mga serbisyo sa Seattle para sa isang saklaw na network company.

Hindi saklaw ng batas na ito ang lahat ng manggagawang gumagamit ng mga App-Based Platform para sa pagtatrabaho. Para sa iba pang impormasyon, i-scan ito:

https://www.seattle.gov/laborstandards/ordinances/app-based-worker-ordinances/app-based-worker-deactivation-rights-ordinance

BILANG SAKLAW NA MANGGAGAWANG APP-BASED, MAY KARAPATAN KA UPANG:

- Makatanggap ng makatarungang abiso ukol sa isang patakaran sa pag-deactivate na naglalarawan kung anong mga kilos ang maaaring humantong sa pag-deactivate at sa isang pamamaraan para sa pagtutol sa pag-deactivate.
    - Ang patakaran sa pag-deactivate ay may makatwirang kaugnayan dapat sa ligtas at mahusay na pagpapatakbo ng kompanya.
- Tutulan ang pag-deactivate sa pamamagitan ng panloob na pamamaraan para sa pagtutol sa pag-deactivate ng kompanya, saanman naganap ang insidenteng humantong sa pag-deactivate.
- Abisong ibibigay 14 na araw bago ang pag-deactivate, maliban sa sitwasyong may maling pag-aasal o kung iaatas ng batas kung saan maaari kang agarang i-deactive ng mga kompanya.
    - Dapat ipaalam sa iyo sa abiso ang (mga) dahilan ng pag-deactivate, kasama na rito ang (mga) partikular na insidenteng lumabag sa patakaran ng kompanya, at ibigay ang lahat ng talaang pinagbatayan at isinaalang-alang ng network company sa pagpapasya nito tungkol sa pag-deactivate sa iyo.

ANG MGA NETWORK COMPANY AY:

- Hindi maaaring magpataw sa iyo ng “walang batayang” pag-deactivate, kasama na rito ang pag-deactivate na sinadya o nagresulta sa diskriminasyon.
- Dapat imbestigahan ang mga pambibintang na nilabag mo ang mga patakaran ng kompanya bago ka i-deactivate at dapat ipakita na may malaking posibilidad na nilabag mo nga ang patakaran.
- Dapat ipataw ang mga tuntunin, patakaran, at parusa kaugnay ng pag-deactivate sa pare-parehong paraan.
- Maaari ka lang i-deactivate kapag may makatwiran itong kaugnayan sa paglabag at dapat isaalang-alang ang kalagayan ng iyong trabaho.

- Maaari kang agarang i-deactivate bilang pagsunod sa mga batas, regulasyon, o dahil sa maling pag-aasal.
- Inaatasang bumuo ng sistemang makatutulong sa iyo upang maunawaan kung saklaw ka o hindi sa ilalim ng ordinansang ito.
- Dapat magbigay sa iyo ng ganitong abiso ukol sa mga karapatan sa Ingles at sa iyong pangunahing wika na alam nila sa pamamagitan ng isang smartphone application, email, o online web portal.

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

IPINAGBABAWAL ANG PAGHIHIGANTI

Mayroon kang karapatang maprotektahan mula sa paghihiganti (negatibong pagkilos) laban sa iyo para sa pagtamasa o paggamit sa mga karapatang binanggit sa itaas.

KARAPATAN UPANG MAGHAIN NG REKLAMO

Mayroon kang karapatan upang magreklamo sa Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa (OLS) o magsampa ng demanda pagkatapos tutulan ang pag-deactivate sa iyo sa pamamagitan ng panloob na pamamaraan ng kompanya.

Prior to June 1, 2027, OLS will have limited authority to enforce some of the rights in this law. For additional details, scan here:

https://www.seattle.gov/laborstandards/ordinances/app-based-worker-ordinances/app-based-worker-deactivation-rights-ordinance

Ang mga manggagawa ay maaaring maghanap ng iba pang mga paraang pampagaan sa sitwasyon alang-alang sa mga karapatang iyon na hindi pa maipatutupad ng OLS sa ngayon.

MAKIPAG-UGNAYAN SA: TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA

Mga Network Company

Humingi ng teknikal na tulong at/o tumanggap ng pagsasanay

Mga Manggagawang App-Based

Maghain ng reklamo sa OLS o mag-sampa ng demanda sa hukuman

206-256-5297

www.seattle.gov/laborstandards

Seattle Office of Labor Standards

810 THIRD AVE, SUITE 375
SEATTLE, WA 98104
ORAS: 8:00 AM– 4:00 PM
(LUNES–BIYERNES)
LABORSTANDARDS@SEATTLE.GOV

Ang misyon ng Office of Labor Standards (Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa) ay isulong ang mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng mapagmalasakit na pakikipag-ugnayan sa komunidad at negosyo, estratehikong pagpapatupad at pagtataguyod ng makabagong patakaran, nang may paninindigan sa katarungang panlahi at panlipunan.

Ang Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa ay naglalaan ng mga pagsasalin, interpretasyon, at akomodasyon para sa mga taong may mga kapansanan.